**SO WHAT** *What is the relevance of the Word to my life?*

- Gaano ka katiwala na ikaw ay pinatawad na ng Diyos sa iyong mga kasalanan? Alin sa bahagi ng iyong nakaraan na patuloy mo pa rin na nilalabanan na pinaniniwalaan mo na pinatawad ka na Niya ng lubos?
- Kapag sinabi natin na si Jesus ay nasugatan upang tayo ay gumaling, saang bahagi ng iyong buhay na masasabi mong naangkin ang kagalingang ito sa ngayon?
- Saan naaayon ang iyong pagkamatuwid? Bakit maari kang tawaging matuwid?

**NOW WHAT** *How do I apply the Word to my life?*

- Paano natin tatanggapin at mamarapatin sa ating mga buhay ang ginawa ni Jesus sa krus?
- Alin sa tatlong puntong ating pinag-usapan sa aralin na ito na mas magiging kapaki-pakinabang sa iyong buhay sa ngayon? Paano mo aangkinin ang ganitong kapakinabangan?
- Kanino mo maaaring ibahagi ang ganitong Mabuting Balita ngayong buong linggo na ito?

## PRAYER

- Ipanalangin na buksan ng Diyos ang iyong pang-unawa at tulungan ka na mamuhay na may kalayaan na dulot ng krus.
- Angkinin ang pangako ng kagalingan ayon sa Salita ng Diyos tulad ng pagpapanalangin mo sa iyong mga kagrupo na may sakit.
- Ipanalangin ang pagkakaron ng kaalaman ayon sa katuwiran na naibigay ni Jesus sa atin.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

# XCHANGE

## Namatay para sa Akin

Week 1

**NOTES**

## CONNECT

- Kung mayrooon ka mang isang bagay na kung saan nais mong ipagpalit sa ibang bagay na gustong-gusto mo, ano ito at bakit?
- Kung magsusuot ka ng kamiseta na may ipinapahayag na nagsasalarawan kung sino ka sa isang salita, ano kaya ang nasasaad doon (e.g., kamangha-mangha, maganda, nakakatawa, palabigay, atbp.)?
- Ano ang kadalasan mong ginagawa kapag Semana Santa?

## WORD

**[5]Ang totoo, sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin sa magandang kalagayan. At dahil sa mga sugat niya ay gumaling tayo. [6]Tayong lahat ay parang mga tupang naligaw. Bawat isa sa atin ay gumawa ng nais nating gawin. Pero siya ang pinarusahan ng Panginoon ng parusang dapat sana ay para sa ating lahat.**

**Isaias 53:5,6**

## WHAT *What does the Bible say?*

Nang ang Panginoong Jesus ay namatay sa krus na may 2,000 taon na ang nakalipas, may palitan na naganap. Ating suriin ang mga talata upang makita natin at maunawaan ang banal na palitan.

- **Si Jesus ay naparusahan upang tayo ay mapatawad.**
  *Ang totoo, sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin sa magandang kalagayan . . .*

  Isaias 53:5

  Si Jesus ay nasugatan at nabugbog, at pinagpapalo upang bayaran ang kaparusahan ng ating mga kasalanan. Siya ay pinako sa krus upang tayo ay magkaroon ng kapatawaran, kapayapaan at makipagkasundo sa Diyos. Ang kasalanan ay ang siyang nagwalay sa atin sa Diyos; samakatuwid, inako ni Jesus ang ating mga kasalanan upang tayo ay makipagkasundo sa Diyos (1 Pedro 3:18; Colosas 1:19-22). Bakit kailangang akuhin ni Jesus ang kaparusahan ng ating mga kasalanan?

  ___________________________________________
  ___________________________________________
  ___________________________________________
  ___________________________________________

- **Si Jesus ay nasugatan upang tayo'y gumaling.**
  *. . . At dahil sa mga sugat niya ay gumaling tayo.*

  Isaias 53:5

  Ang mga sugat na dala-dala ni Jesus sa Kanyang katawan mula sa mga tinik ng korona sa Kanyang ulunan, mga pako sa Kanyang mga kamay at paa, at ang espada ng sundalong Romano na tumagos sa Kanyang tagiliran—lahat ng ito ay nangangahulugan ng ating kagalingan at pagbabalik-loob sa Diyos. Sa mga pananakit ng katawan na Kanyang dinaanan, si Jesus ang nagbigay daan sa atin upang matamo natin ang kagalingan ayon sa pangako (Mateo 8:14-17; 1 Pedro 2:24). Paanong may kinalamam ang banal na palitan sa atin sa ngayon?

  ___________________________________________
  ___________________________________________
  ___________________________________________
  ___________________________________________

- **Si Jesus ang umako ng ating mga kasalanan upang tayo'y maging matuwid sa paningin ng Diyos.**
  *Tayong lahat ay parang mga tupang naligaw. Bawat isa sa atin ay gumawa ng nais nating gawin. Pero siya ang pinarusahan ng Panginoon ng parusang dapat sana ay para sa ating lahat.*

  Isaias 53:6

  Si Jesus ay hindi namatay dahil sa Kanyang kasalanan—Siya ay walang kasalanan. Ano man ang nangyari sa krus ay naipaliwanag sa 2 Corinto 5:21. Tinawag ito ni Martin Luther na "The Great Exchange," isang kaayusan ayon sa batas na kung saan ang lubos na pagkamatuwid ni Jesus ay nalipat sa atin na parang tayo ang may kagagawan ng lahat na ginawa Niya. Sa halip, si Jesus ang tumanggap ng hatol ng kasalanan na parang Siya ang lumalabas na nagkasala sa ating mga kasalanan. Lahat ng mga ito ay nangyari upang tayo ay maging katanggap-tanggap sa Diyos ayon sa kautusan (Hebreo 4:15; 7:26; 1 Pedro 2:22; 1 Juan 2:2; 3:5)! Kapag tatanggapin natin ang ginawa ni Jesus sa krus, bakit tayo tinawag na matuwid?

  ___________________________________________
  ___________________________________________
  ___________________________________________
  ___________________________________________